

Mga Library at ang Kalayaang Intelektuwal

Pahayag na inihanda ng IFLA/FAIFE na inaprubahan ng Lupong Tagapamahala ng IFLA 25 March 1999.

[Alarabia](#), [Balgarski](#), [Bangla](#), [Bosanski](#), [Chaltibhasa](#), [Dansk](#), [Deutsch](#), [English](#), [Español](#), [Farsi](#), [Français](#), [Hangul](#), [Hrvatski](#), [Íslenska](#), [Italiano](#), [Kartuli](#), [Lietuviskai](#), [Magyar](#), [Nederlands](#), [Nihongo](#), [Norsk](#), [Polski](#), [Portugués](#), [Russkij](#), [Shqip](#), [Srpski](#), [Suomeksi](#), [Svenska](#), [Tamil](#), [Türkçe](#), [Viet](#), [Zhongwen \(simplified\)](#), [Zhongwen \(traditional\)](#)

Ang IFLA (International Federation of Library Associations and Institutions) ay sumusuporta, nagtatanggol, at nagtataguyod ng kalayaang intelektuwal ayon sa Unibersal na Deklarasyon ng Karapatang Pantao ng United Nations.

Idinideklara ng IFLA na ang sinoman ay may pundamental na karapatan para sa pagpapahayag ng kaalaman, malikhaing pag-iisip at gawaing intelektuwal, at nang maipahayag ng lantaran ang kanilang mga pananaw.

Naniniwala ang IFLA na ang karapatang malaman at kalayaang magpahayag ay dalawang aspekto na may parehong prinsipyo. Ang karapatang malaman ay isang kahilingan para sa kalayaan ng pag-iisip at konsensya; ang kalayaan ng pag-iisip at kalayaang magpahayag ay mga kondisyong kinakailangan para sa kalayaan sa pagkuha ng impormasyon.

Kinikilala ng IFLA na ang komitment sa intelektuwal na karapatan ay isang pangunahing responsibilidad ng library at anumang propesyong nagbibigay ng impormasyon.

Samakatwid, hinihikayat (calls upon) ang lahat ng mga library at kawani nito na sumunod sa mga prinsipyo ng kalayaang intelektuwal, malayang pagkuha sa impormasyon at kalayaang magpahayag at kilalanin ang pagkapribado ng mga gumagamit ng library.

Hinihikayat ng IFLA sa mga gawain ng kasapi nito na isulong ang pagtanggap at realisasyon ng mga prinsipyong ito. Sa pamamagitan nito, isinusulong ng IFLA ang mga sumusunod:

- Magbigay ang mga library ng access sa impormasyon, ideya at mga likha ng imahinasyon. Sila ang nagsisilbing mga pintuan (gateways) sa kaalaman, kaisipan at kultura.
- Magbigay ang mga library ng kinakailangang tulong para sa panghabambuhay na pagkatuto, independyenteng paggawa ng desisyon at pag-unlad na kultural para sa mga indibidwal at grupo.
- Tumulong ang mga library sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng kalayaang intelektuwal at sa pangangalaga sa batayang halagahang demokratiko at unibersal na karapatang sibil.
- Magkaroon ng responsibilidad ang mga library na gumarantiya at magpadaloy ng kakayahan sa pagpapahayag ng kaalaman at gawaing intelektuwal. Kaugnay nito, ang mga library ay dapat na magkaroon at magpanatili ng isang malawak na kalipunan ng mga materyales na sumasalamin sa nakararami at pagkakaiba-iba ng lipunan.
- Ang pangangailangang maseguro ng mga library na ang kalipunan at pagkakaroon ng mga materyales at serbisyo ay pinamamahalaan ayon sa mga propesyunal na konsiderasyon at hindi ng mga pananaw na politikal, moral at panrelihiyon.
- Kinakailangan ng mga library na magkaroon, magbuo at malayang magpakalat ng impormasyon at tumutol sa anumang anyo ng sensura.
- Kinakailangang gawin ng mga library na maabot at magamit ang lahat ng mga materyales, pasilidad, at serbisyo para sa lahat ng mga gumagamit. Hindi dapat magkaroon ng diskriminasyon sa lahi, paniniwala, kasarian, edad o sa ano pa mang kadahilanan.
- May karapatan ang mga gumagamit ng library sa kanilang personal na privacy at hindi pagkakakilanlan. Hindi dapat sabihin ng mga librarian at iba pang kawani ang identidad ng mga gumagamit o ang mga materyales na ginagamit para sa ibang tao.
- Ang mga library na pinopondohan ng gobyerno kung saan ginagamit ng mga tao ay dapat ding kumilala sa kalayaang pang-intelektuwal.
- Ang mga librarian at iba pang kawani ay may katungkulang kilalanin at itanghal ang mga prinsipyong ito.
- Dapat gampanan ng mga librarian at iba pang propesyunal na kawani ang kanilang mga responsibilidad kapwa sa pinagtatrabahuhan at sa mga gumagamit ng library. Sa kaso ng di pagkakasundo, ang mga responsibilidad sa mga gumagamit ang dapat manaig.